# Balitang Manmin

BILANG 65 HULYO 1, 2012

# Kabanalan at Medisina: Tinalakay ng mga Doktor Mula sa 37 Bansa

## Sa Ika-9 na Pandaigdigang Kumperensya ng mga Cristianong Doktor (WCDN) sa Kenya



Ang Ika-9 na Pandaigdigang Kumperensya ng mga Cristianong Doktor ng WCDN ay idinaos sa Kenya, Africa. Dinaluhan ng may 400 doktor at mga propesyunal sa larangan ng medisina mula sa 37 bansa. Ang ipinalabas na 8 kaso ng paggaling na nagpakita ng pagkilos ng buhay na Diyos at ang iba't ibang pagtuturo ay tumulong sa mga dumalo para magkaroon ng panibagong kaalaman at pag-unawa tungkol sa medisina at nagdulot sa kanila ng pananampalataya.

Noong Mayo 25 at 26, 2012, idinaos ang Ika-9 na Pandaigdigang Kumperensya ng mga Cristianong Doktor sa Safari Park Hotel sa Nairobi, Kenya. Pinamunuan ito ng WCDN (World Christian Doctors Network).

Ang paksa ng kumperensya ay "Kabanalan at Medisina," at may apat na daang mga doktor at mga propesyunal mula sa tatlumpu't pitong bansa ang dumalo. Noong Mayo 25, ipinalabas ang mensahe ni Rev. Dr. Jaerock Lee, tagapagtatag at tagapangulo ng lupon ng WCDN. Sinabi niya: "Sa pamamagitan ng mga pagpapagaling ng Diyos, umaasa ako na maihahatid ninyo ang pag-ibig Niya sa mas nakararaming mga kaluluwa."

Nagbigay ng mensahe ang pangulo ng WCDN na si Dr. Gilbert Chae. Ipinaliwanag niya ang dahilan kung bakit itinatag ang WCDN at kung ano ang tungkulin, mga plano at nais mangyari ng mga Cristianong doktor. Binigyang diin ni Dra. Zipporah Ngumi, ang namahala sa pag-organisa ng kumperensya, kung ano ang bahagi ng mga Cristianong doktor. Sabi niya, "Nahihirapan ang taong-bayan sa pagbili ng mga gamot kahit may dalang preskripsyon. Pero kapag ipinanalangin ng isang Cristianong doktor na may malaking pananampalataya ang mga pasyente, magkakaroon din ang mga ito ng pananampalataya at kadalasan, gumagaling sila."

Naghatid ng tampok na mensahe si Dra. Esther Kooyoung Chung, pangalawang tagapangulo ng United Holiness Church of Jesus Christ. Ginising niya ang espirituwalidad ng mga doktor na dumalo. Sinabi niya, "Ang pag-ibig sa Diyos ay pagtupad ng mga utos Niya. Kapag magpapakabanal kayo, tatanggap kayo ng mga biyaya dito sa lupa at sa Langit din."

Ipinalabas sa kumperensiya ang walong kaso ng banal na pagpapagaling kasama ang pagpapatunay mula sa mga doktor. Apat sa mga ito ay dahil sa panalangin ni Rev. Dr. Jaerock Lee at ang iba naman ay dahil sa panyong pinanalangin niya na ipinadala sa ibang bansa at ipinatong sa mga pasyente.

Ipinakita ni Dr. Joon-sung Kim ng Sangay ng Panggagamot sa mga Bata ng Ulsan University Hospital ang ilang kaso ng paglinaw ng paningin dahil sa banal na panggagamot. Nagpakita naman si Dr. Chang-kyu Yang, direktor ng Bansuk Internal Medicine-Radiology ng isang kaso ng paggaling ng kanser sa dibdib sa pamamagitan ng panalangin.

Nagpresenta ang doktorang taga-Kenya na si Dra. Editha Opala ng isang kaso ng paggaling ng isang dating opisyal ng kapulisan. Si Kenyi Michael ay nagdusa sa pagiging paralisado mula sa baywang pababa at nakatayo sa silyang may gulong at nakalakad pagkatapos ipanalangin ni Obispo Dr. Myong-ho Cheong, Tagapangulo ng United Holiness Church of Jesus Christ sa Africa. Ipinalabas ni Dr. Brian S. Yeo ang paggaling ni Kap. Rossarin, taga- Thailand, sa Lupus at sa matinding epekto ng ciprofloxacin (gamot na panlaban sa impeksyon) pagkatapos tanggapin ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee sa GCN TV.

Dahil sa pagpapakita ng mga kaso ng paggaling na hindi ginamitan ng medisina, nagbago ang pananaw at pang-unawa ng mga doktor tungkol sa mga kaalamang may kinalaman sa medisina. Namangha sila sa napakamakapangyarihang Diyos.

Nag-ulat ang doktorang taga-India na si Dra. Brinda Venktraman ng tungkol sa kaso ng isang babaing naghirap sa kanyang lumbar disc herniation (pamamaga ng mga litid sa gulugod) sa loob ng 18 taon. Gumaling siya dahil sa panalangin, hindi na inoperahan. Nag-ulat naman si Dra. Zipporah Ngumi tungkol sa isang Aprikana na hindi makakilos at makakain dahil sinuwag ng kalabaw ang hita niya pero gumaling dahil sa panalangin ng isang pastor. Nagpakita naman ng isang kaso ng paggaling ng uterine stromal sarcoma (tumor sa uterus) si Dr. Elio A. Coradin, taga-Dominican Republic. At si Dr. Armando Pineda-Velez na taga-U.S. ay nagpakita ng kaso ng paggaling ng pseudomembranous colitis (impeksyon sa colon, kadalasan ay dahil sa bakterya).

Pagkatapos ng mga ulat ay nagkaroon ng panahon ng pagtatanong at pagsagot tungkol sa paksa. Dumalo rin ang ilang taong nakaranas ng banal na pagpapagaling at binigyang pansin sila ng mga tao. Higit pa riyan, nagkaroon ng mga espesyal na pagtuturo na nakatulong sa kanila na paghaluin ang medisina at kabanalan.

Sa pangwakas na mensahe ni Obispo Dr. Myongho Cheong ng Nairobi Manmin Holiness Church, sinabi niya, "Ang Salita ng Diyos ang pinakamahalaga sa mga doktor ngayon. Dahil kapag may kaalaman sila sa Salita ng Diyos, maipapangaral nila ang ebanghelyo sa mga pasyente at maidadalangin nila ang mga ito nang may pananampalataya."

Sinabi ni Pastor Vasiliy Votovich, may-ari ng isang kumpanya ng telebisyon sa U.S., "Ibino-brodkast namin ang kumperensya ng WCDN taun-taon, at maganda ang sinasabi ng mga nakakapanood nito. Naniniwala akong marami ang maliligtas kapag ipapangaral ng mga doktor na nandito ang ebanghelyo at ipapanalangin nila ang mga pasyente habang sinusuri nila ang mga ito."

Ang WCDN na nanguna sa kumperensyang ito ay grupo ng mga Cristianong doktor mula sa iba't ibang denominasyon at nakatira sa Timog Korea. Tumutulong sila sa mga Cristianong doktor sa buong mundo para magkaroon ng kaugnayan at pakikipagkaibigan sa isa't isa. Sa pagdaan ng mga taon, malaki na ang nagawang pagsulong ng grupo: sa taunang pamumuno sa Pandaigdigang Kumperensya ng mga Cristiano Tungkol sa Medisina, sa pag-uulat ng mga kaso ng banal na paggaling, at pagbibigay ng tampok na mensahe sa mga katungkulan ng mga Cristianong doktor. Pinaplano nilang idaos sa Mexico ang kumperensya sa susunod na taon.
















1) Ang mensahe sa video ni Dr. Jaerock Lee, tagapagtatag at tagapangulo ng WCDN
2) May galak na pagpupuri ng mga dumalo
3) Dra. Zipporah Ngumi, tagapangulo ng komite ng pagsasaayos ng kumperensya
4) Pangulo ng WCDN – Dr. Gilbert Chae
5) Pagtatanghal ng Crystal Singers

# Wala Akong Ginawang Kasalanan

"Sinabi naman ni Daniel sa hari, 'O hari, mabuhay ka magpakailan man!
Isinugo ng aking Diyos ang kanyang anghel, at itinikom ang mga bibig ng mga leon.
Hindi nila ako sinaktan sapagkat ako'y natagpuang walang sala sa harap niya at gayundin sa harapan mo.
O hari, wala akong ginawang kasalanan.'"

Ano ang gagawin ninyo kung pinapanagot kayo sa mga kamaliang hindi ninyo ginawa o kung inaakusahan kayo? Ano ang tamang pagharap o pagsagot sa mga ganitong pangyayari? Dapat bang sabihin kaagad na inosente kayo at sikaping patunayan ang katotohanan?

Ang matatalino at mabubuting tao ay hindi nananakit o gumagawa ng masama sa kapwa kahit sila ang mawawalan o masisira. Naghihintay lang sila na lumabas ang katotohanan at nagsisikap na ayusin ang mga bagay sa mabuting pamamaraan. Naniniwala kasi sila na hawak ng Diyos na buhay ang mga kamay ng mga taong may mabuting kalooban. Hindi nabahala si Daniel na maaaring maagrabiyado siya dahil pinili niyang gawin ang tama at sumunod sa kabutihan.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

### 1. Nanatili ang pananampalataya ni Daniel

Nang lusubin ni haring Nebukadnezar ng Babilonia ang kaharian ng Juda noong 605 B.C., isa sa naging bihag si Daniel na nagmula sa marangal na pamilya. Sinubukan ng hari na isama at ibilang ang mga ito sa lipunan. Pinili niya ang ilan sa kanila na walang pisikal na kapansanan, gwapo, matalino, malawak ang kaalaman, at madaling makaintindi. Tinuruan ang mga ito sa loob ng tatlong taon ng wika at panitikan ng Babilonia, at binigyan ng pagkain at alak na galing sa mesa ng hari. Kasama sa grupo ang tatlong kaibigan ni Daniel.

Mayroong panahon na may mga pagkain silang inialay sa mga diyus-diyosan o kaya karne na itinuturing na kasuklam-suklam sa Diyos. Sa halip na kainin ang mga ito, hiniling ni Daniel sa mga opisyal ng kaharian na payagan siya at ang mga kaibigan niya na kumain ng gulay sa loob ng sampung araw, pagkatapos, ihambing sila sa ibang mga kabataang lalaki na kumain ng mga pagkaing mula sa hari.

Pagkaraan ng sampung araw, mas malusog at maganda ang pangangatawan nila kaysa sa mga kabataang lalaking kumain ng pagkain ng hari. Magmula noon, hindi na sila kailangang kumain ng mga pagkaing inialay sa mga diyus-diyosan.

Mahirap para sa mga bihag na tanggihan ang pagkaing galing sa hari. Kung walang pagmamahal at pananampalataya sa Diyos, hindi sana sila naging matatag sa pagtanggi sa mga bagay na ayaw ng Diyos, at hindi sana sila makakapaglingkod sa Kanya sa isang bansang puno ng kulturang Hentil.

Nalugod ang Diyos kina Daniel at sa tatlong kaibigan niya na naging matatag sa pananampalataya nila. Hinayaan Niyang maitalaga sila sa kaharian at binigyan sila ng pang-unawa sa bawat panitikan at karunungan. Binigyan din Niya si Daniel ng kakayahang maunawaan ang lahat ng klaseng pangitain at panaginip.

### 2. Hindi sinaktan ni Daniel ang mga taong nagtangkang pumatay sa kanya dahil sa walang batayang akusasyon

Sa tatlong komisyoner o mga tagapamahala ng hari, itinalaga ni Haring Dario na taga-Media si Daniel bilang pinuno dahil siya ay tapat at mayroong hindi pangkaraniwang espirituwalidad. Nainggit sa kanya ang mga komisyoner at mga satrap kaya naghanap sila ng maibibintang sa kanya. Subalit wala silang makitang anumang katibayan ng pagpapabaya o katiwalian sa usaping moralidad man o gobiyerno.

Nagplano sila ng may kinalaman sa batas ng Diyos. Gumawa sila ng panukala na nagsasabing kung sinuman ang nananalangin sa kahit na anong diyos o tao maliban sa hari sa susunod na tatlumpung araw ay itatapon sa yungib ng mga leon. Dinala ito sa hari at hiniling na lagdaan niya ang dokumento. Ginawa nila ito para may maibintang sila kay Daniel, na lumuluhod at nananalangin tatlong beses sa isang araw habang nakabukas ang bintanang nakaharap sa Jerusalem.

Kahit batid na ni Daniel na nilagdan na ng hari ang dokumento, nagpatuloy pa rin siya sa pagluhod at pananalangin tatlong beses sa isang araw. Kaya itinapon siya sa yungib ng mga leon. Puwede niyang sabihin sa hari ang masamang plano laban sa kanya dahil may tiwala ito sa kanya. Subalit ayaw niyang saktan ang kapwa niya dahil mabuti siyang tao. Kaya hindi siya nagsumbong at wala siyang ginawa laban sa masasamang tao.

Hindi niya sasaktan ang mga taong iyon kahit na ikamatay pa niya ang mga bintang nila. Lubos ang pananalig niya na ang Diyos lang ang may hawak ng buhay, kamatayan, tagumpay at kasawian.

Nang mag-uumaga na, gumising ang hari, at nagtungo sa yungib ng mga leon. Sumigaw siya, "Daniel, lingkod ng buhay na Diyos, nailigtas ka ba sa mga leon ng Diyos na pinaglilingkuran mo?"

Nakakamangha! Sumagot si Daniel, "O hari, mabuhay ka magpakailanman! Isinugo ng aking Diyos ang Kanyang anghel, at itinikom ang mga bibig ng leon. Hindi nila ako sinaktan sapagkat ako'y natagpuang walang sala sa harap Niya at gayundin sa harapan mo. O hari, wala akong ginawang kasalanan." (Daniel 6:21-22).

Sa isang nakakatakot na situwasyon, nagpakita pa rin si Daniel ng respeto sa hari. Sinabi niya, "O hari, mabuhay ka magpakailanman!" Malamang, kapag nangyari sa iba ang ganito, maghihinanakit sila sa hari dahil sa tuntuning ito o magagalit dahil itinapon sila sa yungib ng mga leon. Subalit walang galit na naramdaman si Daniel dahil hindi siya masamang tao.

Ang mga taong may mabuting kalooban tulad ni Daniel ay hindi nagsasabi ng kahit na anong bagay na magdadala ng kahihiyan sa mga taong nakakataas sa kanila kahit nagkamali pa ito. Nakakahiya man ang situwasyon, dapat walang magsalita tungkol sa pagkakamali ng taong nakakataas dahil ito ay personal na bagay. Sa halip, unawain ninyo ang nangyari, maaaring wala lang silang ibang pagpipilian kaya nila nagawa ang ganoon.

### 3. Mga biyayang ibinibigay sa mga walang sala tulad ni Daniel

Kasalanan ang dahilan kung bakit may mga taong nagsasabing naniniwala sila sa Diyos subalit hindi naman lubos ang pananalig. Hindi tulad ni Daniel. Kung wala kang kasalanan, wala kang takot sa kamatayan kahit malala pa ang situwasyon. Ito'y dahil naniniwala kang iingatan ka ng Diyos at magbibigay Siya ng paraan para makaalis ka sa situwasyong iyon. Kahit na mawalan ka pa, lubos ang pananalig mo na gagawa ang Diyos para sa ikakabuti ng lahat ng bagay at pagpapalain ka.

Sinabi din ni Daniel na iniligtas siya ng Diyos dahil wala siyang ginawang kasalanan sa harapan Niya. Nagpapakita ito ng katarungan ng Diyos, hindi Niya pinaparusahan ang mga walang sala. Samantala, dinala sa hari ang mga taong malisyosong nagbintang kay Daniel. Ipinatapon niya ang mga ito sa yungib ng mga leon. Hindi pa man sila umaabot sa ibaba ng yungib, nanaig na ang mga leon sa kanila at pinagputol-putol ang lahat ng mga buto nila (Daniel 6:24).

Sumulat si Haring Dario sa lahat ng bayan, bansa at iba't ibang wika, na naninirahan sa buong lupa at ipinakilala sa kanila ang buhay na Diyos na nagligtas kay Daniel. Ipinahayag niya ang kaluwalhatian ng Diyos (Daniel 6:26-27). Dahil dito, dapat nating mabatid na ang mga taong makasalanan ay patungo sa kamatayan subalit ang mga taong walang kasalanan tulad ni Daniel ay ligtas sa kamatayan, kahirapan, at mga suliranin.

### 4. Para maging isang nilalang na hindi gumagawa ng masama sa kapwa

Hindi gumawa ng masama sa kapwa si Daniel kahit sa anumang situwasyon dahil wala siyang hinanakit at hindi siya masama. Ang hindi paggawa ng masama na tinutukoy dito ay hindi lang ang pananakit sa kapwa at pag-iwas na makipag-away sa kanila kundi ang pamumuhay sa katotohanan.

Para ka maging isang taong hindi gumagawa ng masama sa kapwa katulad ni Daniel, dapat mong iwaksi ang nararamdaman mong labag sa katotohanan. Kung huminto si Daniel sa pananalangin sa loob ng tatlumpung araw o kung palihim siyang nanalangin at nagsarado ng mga bintana, hindi sana siya ipinatapon sa yungib ng mga leon. Subalit, naging matatag si Daniel sa pananampalataya niya kahit pa mawala ang kapangyarihan at ang buhay niya.

Isinabuhay niya ang katotohanan kahit maaari naman siyang umiwas sa situwasyon. Mas gusto niyang sundin ang kalooban ng Diyos kaysa iligtas ang sarili. Hindi niya sinisi ang Diyos o kaya ay naghinanakit, kundi nagpasalamat siya at naging mabuti siya sa lahat ng tao. Kapag may kabutihan ka, hindi ka gagawa ng masama sa kapwa. Kaya makakatanggap ka ng mga biyaya ng Diyos.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Ang Diyos na Nakakabatid ng Laman ng Puso Ko

Diakonesa Junsoon Jung (2-13 Parish)



Ipinanganak ako sa isang maliit na pamilya kaya lumaki akong minamahal nang lubos ng mga magulang ko. Dahil nagkasakit ang tatay ko, naghirap ang pamilya namin. Kumonsulta sa mga manghuhula ang nanay ko at nag-rituwal para mapalayas ang mga demonyo. Nagalit ako sa kanya at nagsimula akong lumapit sa Diyos.

### Pagkatapos magpakasal, nawalan ako ng pag-asa

Habang nagtatrabaho ako sa isang kumpanya, ipinakilala ako ng ka-trabaho ko sa isang lalaki. Hindi ko siya gaanong gusto, pero lumapit sa akin ang nanay niya at hiniling na pakasalan ko ang anak niya. Kaya nagbago ang isip ko. Pagkatapos ng kasal namin, nagbago ang nanay niya at pinahirapan ako nang husto. Nagbago rin ang asawa ko.

At mas malala pa rito, parang sinasaniban ng demonyo ang biyenan ko. Kaya naging desperado ako. Nawala na ang pag-asa ko sa asawa ko: nagkaroon pa siya ng relasyon sa ibang mga babae. Mag-isa akong nagpalaki sa mga anak namin. Wala na akong pag-asa. Sa wakas, lumapit akong muli sa Diyos.

Isang araw, may babaing nagbigay sa akin ng *Balitang Manmin* at tinulungan niya ang pamilya ko. Siya ay si Punong Diakonesa Jungsoon Lee. Buong pagmamalasakit ang pagbabahagi niya ng ebanghelyo sa akin hanggang sa magparehistro na ako sa Manmin Central Church noong Abril 21, 1996. Pisikal at emosyonal ang pagdurusa ko. Mayroon pa akong hepatitis B. Mapanganib ito dahil baka maging hepatocirrhosis (malalang sakit sa atay).

### Nabago ang buhay ko dahil sa Dalawang-linggong Magkasunod na Espesyal na Pagtitipon para sa Pagbabagong Buhay

Hindi nagtagal, idinaos sa iglesya ang Dalawang-linggong Magkasunod na Espesyal na Pagtitipon para sa Pagbabagong Buhay ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Pinaghandaan ko ito sa pamamagitan ng pananalangin at pag-aayuno. Gumaling ako sa hepatitis B sa pagtitipong iyon. Pagkalipas ng ilang buwan, gumaling din ang rayuma ko.

Dahil sa pananampalataya, napagtagumpayan ko ang mga kabalisahan at problema ko. Noong Disyembre 2011, may nakakagimbal na pangyayari sa pagitan naming mag-asawa. Dahil dito, bumalik ang dati kong sakit sa puso apat na taon na ang nakaraan. Nahirapan akong huminga at nakaranas ng matinding pananakit ng dibdib, pero kailangan ko pa ring maghanap-buhay.

Subalit nanatili ako sa pananampalataya at pag-asa. Pinaghandaan ko ang Dalawang sesyon ng Magkasunod na Espesyal na Pulong Panalanging Daniel. Mula Pebrero 2012, nag-ayuno ako sa hapunan sa loob ng apatnapu't dalawang araw at inihanda ko ang sarili ko sa pananalangin at pananalig para sa paggaling ko.

Sa wakas, nagsimula na ang Dalawang sesyon ng Magkasunod na Espesyal na Pulong Panalanging Daniel noong Abril 9. Iba ang pakiramdam ko ngayon sa pulong panalanging ito dahil mayroon akong pangakong panalangin. Inisip ko kung bakit bumalik ang sakit ko sa puso at natanto kong dahil mayroon pa akong galit sa asawa ko at hindi ko pa siya napapatawad. Kaya pinagsisihan ko ito nang husto. Labis na niya akong pinaiyak, naubos na yata ang luha ko dahil sa kanya. Pero biniyayaan ako ng Diyos para magsisi.

At nawala na rin ang mga sintomas ng sakit ko sa puso. Tatlong araw bago ako magpasuri sa ospital, nanaginip ako. May lumabas na maitim na bagay sa katawan ko, at bigla akong nanlamig. Natiyak ko na gagaling ako. Noong Abril 10, nagpunta ako sa mas malaking ospital para sa kumpletong pagpapasuri. Tulad ng inaasahan ko, wala na akong sakit sa puso. Hallelujah!

### Sinagot ang idinadalangin kong tatlong bagay

Gustung-gusto kong tumanggap ng sagot sa tatlong kahilingan ko sa espesyal na Pulong Panalanging Daniel. Una sa lahat, gusto kong magbigay ng kagalakan kay Dr. Jaerock Lee at luwalhatiin ang Diyos sa pagtanggap ng parangal na Punong Pastor. Pangalawa, idinalangin ko ang paglago ng pananampalataya ng mga anak ko. Pangatlo at panghuli, ang paggaling ng sakit ko sa puso. Nasagot ang lahat ng ito.

Pagkatapos igawad ang mga parangal, ikinuwento ng cell lider namin na si Hwasoon Yoon, na nanalanging kasama ko, ang panaginip niya. Sa panaginip niya, tinawag ni Dr. Lee ang numerong 36. Kasama ako sa ika-3-3 Misyon para sa Kababaihan at sa Grupo 6. Ang huling dalawang numero sa cell phone ko ay 3 at 6. Napuspos ang damdamin ko sa pag-ibig ng Diyos dahil tinupad Niya ang hangad ng puso ko. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na may Tatlong Persona dahil sa wagas na pag-ibig Niya.

Isang sulat mula sa ibang bansa

# "Namamangha Ako sa Lihim na Itinago Bago Pa Magsimula ang Panahon"



**Cynthia McMillan**
(Sydney, Australia)

Ako ay guro sa Agham sa isang eskuwelahan para sa mga katoliko. Noong 2008, binigyan ako ng kaibigan ko ng libro ni Dr. Jaerock Lee na *The Message of the Cross*.

Hindi ko mapigilan ang pagbabasa ko dahil lahat ng mga bagay na gusto kong malaman sa buhay Cristiano ko ay naipaliwanag sa libro. Nakasulat sa libro ang buod ng Biblia; tungkol sa Diyos na Manlilikha; ang dahilan kung bakit inilagay ng Diyos ang punungkahoy ng pagkaalam ng mabuti at masama; at ang kalooban ng Diyos na nakapaloob sa krus.

Nagalak ako sa sa mga dakilang paglikha ng Diyos sa tao at mga hayop na pareho ang pagkakagawa. Lahat ay mayroong dalawang mata, isang ilong, isang bibig, dalawang tainga, at marami pang iba.

Sa ngayon, buo ang loob na naipapaliwanag ko sa klase ang tungkol sa kadakilaan ng Diyos na Manlilikha, ang tungkol sa sansinukob, sa araw at mga planeta. Hinihiling nila na magkuwento pa ako tungkol sa Diyos. Malaking tulong din sa paglago ng buhay espirituwal ko ang mga libro ni Dr. Lee na *Heaven* at *Hell*.

At ang pinakakamangha-mangha pa ay binabago ng mga libro ni Dr. Lee ang mga puso ng tao. Nakikita kong binabago ng mga estudyante ko ang masasamang ugali nila, at iwinawaksi ang kamunduhan sa buhay nila. Nagbago ang kapatid kong sugapa sa droga habang binabasa ang mga libro ni Dr. Lee at nakikinig sa mga sermon niya sa internet.

Ibinabahagi ko ngayon ang mga mensahe niya sa mga tao sa paligid ko pati sa mga kamag-anak, kaibigan, at sa mga estudyante ko. Binago ng mahalagang mensahe niya ang buhay ko at buo ang pag-asa ko sa Bagong Jerusalem. Nagpapasalamat ako ng buong puso kay Dr. Jaerock Lee.


## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714

# Ang Patotoo ng mga Doktor na Nakaranas ng Kapangyarihan ng Diyos

Noong Mayo 25 at 26, idinaos ang Ika-9 na Pandaigdigang Kumperensya ng mga Cristianong Doktor sa Kenya. Ito ay pinamunuan ng WCDN (World Christian Doctors Network) sa paksang "Kabanalan at Medisina." Dumalo ang may apat na daang mga doktor na nagmula sa tatlumpu't pitong bansa. Nagkaroon ng mga pag-uulat tungkol sa mga kaso ng banal na pagpapagaling at espesyal na pagtuturo tungkol sa iba't ibang paksa tulad ng "Pananampalataya at Panggagamot Gamit ang Medisina." Dalawa sa mga kasong naiulat ang ang mga sumusunod:



Tagapagsalita tungkol sa kaso: Dr. Chang Kyu Yang Doktor, Radiologist

## "Kataka-taka: Gumaling ang Kanser sa Dibdib nang Walang Ginamit na Medisina"

Nag-ulat ako tungkol sa lumbar disc (gulugod), tendinitis (pamamaga ng litid), at calcifying inflammation (paninigas at pamamaga), at thorasic abcess (pamamaga sa may bandang dibdib), sa ika-1, 2, at 6 na Pandaigdigang Kumperensya ng mga Cristianong Doktor. Ang mga kasong tinalakay ko ay mayroong isang bagay na nagkakapareho. Ang mga pasyente ay hindi nagpagamot sa doktor (hindi umasa sa medisina) kundi gumaling sila dahil sa pananampalataya sa Diyos at makapangyarihang pananalangin. Sa ipinalabas kong kaso sa kumperensyang ito, ang pasyente ay gumaling sa kanser nang hindi dumadaan sa panggagamot ng medisina.

Si Diakonesa Inok Han ay may nasalat na bukol sa kanang dibdib niya noong taglamig ng taong 2006. Nasuring mayroon siyang kanser na 2.17cm ang laki noong Abril 2007. Iminungkahi ng mga doktor na magpaopera siya, pero gusto niyang gumaling sa pamamagitan lang ng pananampalataya. Kaya hindi siya nagpagamot o nagpaopera. Habang tumatagal, nagdusa siya sa matinding sakit sa kanang dibdib at sa kanang braso niya. Habang nakikinig sa Salita ng Diyos linggo-linggo, natanto niyang napakabigat ng mga kasalanan niya kaya nagsisi siya ng lubos sa kayabangan, poot, paghinanakit, sama ng loob, paninisi sa kapwa, at pagsamba sa mga diyus-diyosan. Sinikap niyang makamit ang kabutihang nais ng Diyos na nakatala sa Biblia. Noong 2009, nanalangin siya nang may mas malaking pananampalataya pagkatapos niyang marinig mula kay Dr. Jaerock Lee sa panaginip niya na nasa kanya ang makapangyarihang liwanag.


Noong Hunyo 10, 2011, sa espesyal na banal na pagtitipon na may pagpapagaling, tumanggap siya ng panalangin mula kay Rev. Dr. Jaerock Lee. Ang nasasalat na bukol sa kanang dibdib niya ay unti-unting lumiit. Wala na siyang nararamdamang sakit sa kanang dibdib at braso. Noong Hunyo 29, 2011, sinuri ulit siya sa nasabing ospital. Wala na ang kanser sa dibdib niya. May nakita lang na isang maliit na bukol sa pagsusuri.

Para maiulat sa kumperensya ang tungkol dito, hiniling ko sa kanya na dumaan sa tamang pagsusuri. Kaya nagpa-biopsy siya at wala nang tumor sa resulta. Ang nandoon ay ang mga himaymay na nakikita sa malulusog na kababaihan. Nakita kong lubos nang gumaling ang kanser niya sa dibdib.

Sinabi ni Dra. Zipporah Ngumi (Tagapangulo ng Komite na nag-organisa ng okasyon) pagkatapos na ipalabas ang tungkol sa kaso, "Kamangha-manghang makita ang tamang resulta ng ultrasound at biopsy bago at pagkatapos ng paggaling." Maganda ang pagtanggap ng mga doktor sa presentasyon dahil hindi pa sila nakakita ng kanser na gumaling nang walang medisina at wala pa silang nabasang dokumento tungkol dito.



Si Diakonesa Inok Han – gumaling ang kanser sa dibdib




nawala ang 2.17cm na bukol



Ultrasonography 2.17cm na bukol, nawala



Tagapagsalita Tungkol sa Kaso: Dr. Joon Sung Kim University of Ulsan College of Medicine, Korea

## "Masaya Akong Magbigay ng Ulat Tungkol sa Paglinaw ng Paningin Dahil sa Banal na Pagpapagaling"

Kasama sa tinatawag na kapansanan sa paningin ang pagkabulag, at matinding panlalabo ng mga mata tulad ng 0.3 grado. Dahil dito, maraming tao ang nagdurusa mula sa kahirapan at sakit sa kabuhayan at isipan. Ayon sa ulat ng WHO (World Health Organization) na inilabas ngayong 2012, dalawang daan at walumpu't isang milyong tao ang nagdurusa sa kapansanan sa paningin, at ang pinakadahilan ay near-sightedness, far-sightedness, astigmatism, o problema sa refractive power.

Para sa masinsinang pag-aaral, tatlumpu't walong rekord o sertipikasyon sa mga ulat tungkol sa paningin ang pinili at muling siniyasat para malaman ang resulta bago at pagkatapos ng pananalangin. Ipinakita sa resulta na ang kapansing-pansing pagbuti at pagbalik ng paningin ay nagmumula sa kapangyarihan ng Diyos lang.

Si Diakono Jongwook Ham (32, lalaki) ay mayroong near-sightedness at nagsasalamin na mula noong 16 taong gulang pa lang siya. Bago ang espesyal na pagtitipon na may banal na pagpapagaling, pinagsisihan niya nang husto ang mga kasalanan niya. Tinanggap niya ang panalangin ni Rev. Dr. Jaerock Lee noong Hunyo 10, 2011. Pagkatapos, nagpasuri siya ulit ng mga mata niya sa ospital. Naibalik ang malinaw niyang paningin, ang 0.3 grado ay naging 05 sa kanang mata at mula 0.9 ay naging 1.0 sa kaliwang mata.

Nagdurusa si Diakonesa Bokhee Kim (46, babae) sa near-sightedness at nakasalamin na siya sa loob ng labinlimang taon. Nahihirapan siyang tumingin sa mga bagay na malalayo. Subalit tinanggap niya ang panalangin ni Dr. Lee noong Hunyo 17, 2011. Nakaramdam siya ng hindi pangkaraniwang init sa mga mata niya habang tinatanggap niya ang panalangin, pagkatapos, malinaw na siyang nakakakita ng mga bagay. Ipinasuri niya ulit ang mga mata niya, naging malinaw na ang paningin niya mula 0.4/0.2 naging 0.8/0.8.

Kahit malaki na ang pagbabago sa teknolohiya na may kinalaman sa medisina, mahirap pa ring gamutin ang kapansanan sa paningin kahit sa pamamagitan ng operasyon o mga gamot. Kaya tunay na kamangha-mangha ang mga kaso ng banal na paggaling kung saan naibalik ang malinaw na paningin dahil sa kapangyarihan ng Diyos. Napakasaya ko sa pagkalap ng mga impormasyon tungkol dito at sa pag-uulat ko bilang isang doktor. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos.






Diakono Jongwook Ham (itaas)
Diakonesa Bokhee Kim (ibaba)




GCN GLOBAL • CHRISTIAN • NETWORK
Tel: 82-2-824-7107
www.gcntv.org
e-mail: webmaster@gcntv.org

MIS Manmin International Seminary
Tel: 82-2-818-7334
www.manminseminary.org
e-mail: manminseminary2004@gmail.com

WCDN World Christian Doctors Network
Tel: 82-2-818-7039
www.wcdn.org
e-mail: wcdnkorea@gmail.com

URIMBOOKS
Tel: 82-70-8240-2075
urimbooks.com
e-mail: urimbook@hotmail.com